Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 14 NG PEBRERO, 2001, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO .............................. Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. .............................. Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar .............................. Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison .............................. Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon .............................. Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca .............................. Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan .............................. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco .............................. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor .............................. Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Ricardo B. Ramirez .............................. Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas .............................. Kagawad

*KAPASIYAHAN BLG. 076 -T'2000*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGTATAYO NG EDUCATIONAL FOUNDATION UPANG MATUSTUSAN ANG MGA MAHIHIRAP NA KABATAAN NA MAKAPAG-ARAL HANGGANG SA KOLEHIYO.*

*SAPAGKAT*, maraming kabataan ang hindi nakakapag-aral sa kolehiyo sanhi ng kahirapan;

*SAPAGKAT*, kinakailangang matulungan ang mga kabataan upang makapagpatuloy ng pag-aaral hanggang sa kolehiyo;

*SAPAGKAT*, ang mga mahihirap na kabataan ang tanging pag-asa ng kanilang mga magulang na makaahon sa kahirapan;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, Florencio C. Odejar, Angelito U. Limjuco at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN*: Na pagtibayin ang sumusunod na:

*KAUTUSANG BAYAN BLG.07-T'2001*

*KAUTUSANG BAYANG NAGTATAYO NG EDUCATIONAL FOUNDATION SA BAYANG ITO.*

*IPINAG-UUTOS* ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

*SEKSYON 1* - Maitayo ang Educational Foundation sa bayang ito, upang matustusan ang mga mahihirap na kabataan na makapag-aral hanggang sa kolehiyo.

*SEKSYON 2* – Ang alinmang bahagi o kabuuan ng isang ipinaiiral na kautusang bayan na sumisinsay sa kautusang ito ay pinawawalang-bisa.

*SEKSYON 3* - Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na ito'y maipaskel sa mga hayag na lugar sa nilolooban ng labinlimang (15) araw.

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

(karugtong ng Kapasiyahan Blg. 076-T'2001)

KGG. EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad

KGG. EDGARDO T. PORCA
Kagawad

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad

KGG. JAIME ALEXANDER T. CALUPITAN
Kagawad

KGG. BERNARDO E. ISON
Kagawad

KGG. ANGELITO U. LIMJUCO
Kagawad

KGG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad

KGG. JEFFREY A. VILLASEÑOR
Kagawad

NAGPATUTOO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan